Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-20 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 15 HUNYO 2009, 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY CANTIL.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento – MSKF President

KAPASYAHAN BLG. 31
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG BARANGAY AT LAHAT NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BARANGAY SA KANILANG MAINIT NA PAGTANGGAP AT PAKIKIISA SA GINANAP NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN SA BARANGAY LITTLE TANAUAN.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagdaos ng kanilang regular na pagpupulong sa Barangay Little Tanauan noong Hunyo 8, 2009 bilang tugon upang mailapit ang Pamahalaang Bayan sa mamamayan ng barangay,

SAPAGKAT, ang bumubuo ng Sangguniang Barangay ng San Rafael sa pamumuno ni Kgg. Rufino D. Lumbres bilang Punong Barangay kasama ang kanilang mga kawani ay nagpamalas ng pakikiisa at mainit na pagtanggap sa isinagawang pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Roxas sa kanilang barangay;

SAPAGKAT, sa ipinakitang kakayahan ng Sangguniang Barangay ng Little Tanauan na tumulong sa Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng maayos na talakayan at palitan ng kuro-kuro upang maresolba ang mga suliranin sa barangay ay umani ng paghanga at pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Bayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taospusong pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Barangay at lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Barangay sa kanilang mainit na pagtanggap at pakikiisa sa ginanap na regular na pagpupulong ng Sangguniang Bayan sa Barangay *Little Tanauan*.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito Sangguniang Barangay ng Little Tanauan sa pamumuno ni *Punong Barangay Rufino D. Lumbres* para sa *kanilang kaalaman*.

Pinagtibay ng lahat : 15 Hunyo 2009

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo